

City

226

Bagong batas sa paninigarilyo

(路上喫煙防止条例)



Naglabas ng bagong batas ang Siyudad ng Kawasaki ukol sa pagbabawal ng paninigarilyo habang naglalakad, upang pangalagaan ang kapakanan ng mga naglalakad sa daan.

Sa lugar ng istasyon ng tren kung saan maraming taong naglalakad at nagkakasalubong, ang paninigarilyo ay nagbibigay—panganib na mapaso ang kapwa naglalakad, masunog ang damit at magkaroon ng di pagkakaunawaan. Upang maiwasan ang mga ito, ipinatupad ang batas kasama ang multa sa mga lalabag nito. Ang batas ng paninigarilyo ay mahigpit na bibigyang-bisa sa 5 lugar ng istasyon ng Kawasaki. Ang mga lugar na ito ay ang mga sumusunod na istasyon: Kawasaki, Musashi-Kosugi, Musashi-Mizonokuchi, Saginuma at Shin-yurigaoka. Ang mga nabanggit na istasyon ay kabilang sa istasyong may pinakamaraming pasaherong sumasakay at bumababa. Ang sinumang matatagpuang paninigarilyo sa mga lugar na ito ay bibigyan ng babalang patayin ang sigarilyo. Magmumulta ang sinumang hindi susunod sa babala maging mamamayan o hindi ng Siyudad ng Kawasaki. Mag-uumpisa ang kautusang ito sa buwan ng Abril 2006. May panahong pagbibigay ng babala at impormasyon para sa publiko tungkol sa bagong batas na ito samantalang ang multa ay magiging epektibo sa buwan ng Oktubre 2006.

Kasama sa batas na ito ang kautusan tungkol sa pagtatapon ng basura ng basyong lata, chewing gum, at upos ng sigarilyo. Magmumulta rin ang sinumang lalabag sa batas na ito. Inaasahang ang batas na ito ay makakatulong sa pagpapabuti ng magandang kaugalian/manners sa publiko.

Ang Siyudad ay naglalayong pahalagaan ang hindi paninigarilyo sa daan upang iwasan ang aksidente sa kapwa at hindi pagtapon ng basura sa daan para sa kalinisan ng kapaligiran.

Sa detalye tungkol sa topikong ito, tawagan ang SHIMIN KYOKU CHIIKI SEIKATSU KA (Regional Living Section of the Citizens Bureau) 044-200-3716.



Mapa ng Tama Hills

(多摩丘陵散策マップ)

227



Ang mapang ito ay pinagtulangang gawin ng tatlong Siyudad ng Kawasaki, Yokohama at Machida kung saan magsisilbing gabay para sa mga mahilig maglakad o mamasyal. Nakalarawan sa mapang may laking A-3 ang villages at luntiang tanawin sa lugar ng Tama Hills. Nakasaad dito ang may apat na kilometrong kurso o daan mula sa istasyon ng Tsurukawa ng Odakyu Line, magmula rito papuntang Distrito ng Okagami (Asao ward ng Kawasaki) Distrito ng Miwa (Machida) Distrito ng Jike (Aoba ward ng Yokohama) at Distrito ng Hayano (Asao ward ng Kawasaki) Ito ay may dalawa at kalahating oras ang layo pag nilakad habang nilalakbay ang kapaligiran ng bawat Siyudad. May mga munting bundok na luntian, mga templo, shrines, mga sinaunang puntod at ibapa. Ang mapang ito ay isang bahagi ng planong I-promote ang kagandahan ng Tama Hills at upang mapag-alaman ng mga mamamayan nito na may mga bagay na ito sa kanilang paligid. Nag-uumpisa ang planong ito mula ng magtipon-tipon ang mga kinatawan ng Kawasaki, Machida at Yokohama noong Agosto, 2003 tungo sa pagprotekta ng kalikasan ng nasabing lugar.

Nilimbag ang mapang ito sa tulong ng Unibersidad ng Wako samantalang ang mga larawan naman ay ginawa ng mga mag-aaral ng Wako High School, Art Department. May madadaanang watermill kung saan makakapamilya ng mga sariwang gulay, makikita rin ang tirahan ng mga gumagawa ng uling, at iba pang tanawin. Matatagpuan ang mapang ito sa mga ward offices at park offices sa buong Siyudad. Sa buwan ng Marso, pinaplanong magtatanghal ng ibento sa Tama Hills.

Makipag-ugnayan sa RYOKUSEI-KA (Department of Environment Bureau) sa 044-200-2381.

Pista ng Asya

228

(アジア交流催し物の紹介について)

Mula ika- 4~7 araw ng buwan ng Marso, gaganapin ang Pista ng Asya sa paligid ng istasyon ng Kawasaki.

Ang “Music Town Kawasaki, Asia Music Festival” kung saan ang mga Hapon, Koryano at Intsik na musikero ay magpapalabas sa araw ng 4 at 5 sa tulong ng Executive Committee na binuo ng iba’t ibang grupo at ng Siyudad ng Kawasaki.

Ang pinakatampok na entablado ay ang Muza Kawasaki Symphony Hall. Mag-uumpisa ang pagtatanghal sa oras ng 5:30 ng hapon sa ika-5 araw ng Marso. Mapapanood din ang pagtatanghal ng tumutugtog ng instrumentong tradisyonal ng intsik na si Bb.Wu Ru-chin na kilala sa ending theme song ng drama sa TV na pinamagatang YOSHITSUNE. Nakabilang din sa mga perperformer ang multi-musical-genre, artist na ipinanganak sa Okinawa na si G. Isamu Shimoji.

Sa 4th at 5th ng Marso, may libreng live concerts ding itatanghal ang mga Asian Folk Musicians at mga musicians ng Kawasaki sa 3 lugar ng Kawasaki gaya ng LA CITTADELLA.

Bukod sa mga Awit, gaganapin din ang Pista ng Asya na kung saan may kinalaman sa pagbibenta ng mga produkto at gamit galing sa ibang bansa na binubuo ng Kawasaki City Industrial Promotion Foundation. Ang mga produktong ito ay mabibili sa mga tindahan, puwesto, na nasa pasilidad pang-kalakalan at shopping malls sa area ng istasyon ng Kawasaki mula 4th hanggang 7th ng Marso. Sa iba pang detalye, tumawag sa kinauukulan sa City Sales Promotion sa Shimin-Kyoku Bureau:044-200-2477.

Libreng Konsulta tungkol sa Visa

Ang mga Gyoseishoshi Lawyers ay magbibigay ng libreng konsultasyon serbisyo sa mga dayuhan

◆ Nilalaman ng konsultasyon:

Problema sa bisa, Pagpapa-extend, Pagpapapalit ng status, Naturalisasyon, Permanenteng bisa, Long-term resident, Certificate of eligibility, International marriage/divorce, Special permit of residence mula sa Minister of Justice, pagpapatayo ng sariling kompanya/sangay ng kompanya sa ibang bansa, pagkuha ng lisensya pang-business atbp.

A. Kailan: Unang Sabado ng bawat buwan mula 2:00 hanggang 4:00 ng hapon

Saan: Kanagawa Volunteer Support Center

2-24-2 Tsuruya-cho, Kanagawa ward, Yokohama-shi

B. Kailan: Pangatlong Linggo ng bawat buwan mula 2:00 hanggang 4:00 ng hapon

Saan: Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gioncho Nakahara ward Kawasaki-shi

iskedyul sa 2006 taon: 19 ng Marso (Linggo)

salin-wika: Noemi Ogura

★ Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/